

TAON XXXIII Blg. 1 Enero 2003

Lahatang-panig na isulong ang rebolusyon!

ng walang habas na imperyalistang pandarambong at ang sagad-sa-butong pagkapapet, kalupitan at kabulukan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ay nagbubunsod ng pambihirang tindi ng sosyo-ekonomikong krisis at ng wala pang kapantay na pagsahol ng pamumuhay ng malawak na masa.

Ang katindihan ng krisis sa ekonomya at pulitika ngayon ay halos katulad ng kaigtingan ng krisis noong panahon ni Marcos. Lalo pa itong lalala sa mga susunod na taon bunga ng todo-todong pagpapakapapet ni Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US, ng napakalupit na terorismo at ng grabeng pangungurakot laluna ng mag-asawang Arroyo at mga taong malalapit sa kanila.

Papadausdos pang lalo ang ekonomya sa taong 2003. Tinatayang aabot sa wala pang kapantay na antas ang depisit sa badyet, panlabas na utang, pagbagsak sa halaga ng piso at kawalan ng trabaho. Kapos na kapos ang pondo ng gubyerno at dayuhang puhunan. Kaya wala nang ibang maisip ang desperadong si Macapagal-Arroyo kundi ibaon pang lalo sa utang ang gubyerno at patawan ng karagdagang buwis ang mamamayan.

Grabe na ang paghihikahos ng mamamayan dahil sa mga patakarang liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon, denasyunalisasyon at iba pang dikta ng IMF. Bagsak ang produksyon. Patuloy ang paglawak ng hukbo ng mga walang trabaho. Napakababa ng sahod. Lugi at baon sa utang ang mga magsasaka. Gipit ang mga lokal na negosyante. Sa kabila nito, patuloy na ipinatutupad ni Arroyo ang gayong mga patakaran.

Balak umano ng rehimeng Macapagal-Arroyo na gawing moderno ang agrikultura. Ang totoo, ang mga



sakahan ay gagawing malawakang plantasyon ng mga pang-eksport na di-karaniwang tanim na matakaw sa imported na kemikal na sangkap. Lalo nitong gagawing palaasa na lamang sa importasyon ng bigas at iba pang produktong pagkain ang Pilipinas.

Sobra-sobra ang pagpapakapapet ni Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US. Ginagawa niya ang lahat upang masiyahan ang amo niyang numero unong terorista sa mundo. Kamakailan, ang katayuan ng Pilipinas bilang malaking base militar ng US ay ibayong pinagtibay sa pagpirma sa Mutual Logistics Support Agreement (MLSA). Mula Enero 2003, dadagsa sa bansa ang malaking bilang ng mga tropang Amerikano, na siya nang pinakamarami mula nang patalsikin ang mga base militar ng US noong 1991. Plano ng US na gamitin ang Pilipinas bilang lunsaran ng napipinto nitong gerang agresyon laban sa Iraq.

Matindi ang pagtutol sa gayong mga patakaran ng malawak na seksyon ng mamamayan at maging ng mga kaalyado ni Macapagal-Arroyo. Lubha siyang nahihiwalay sa pulitika at nasasadlak ngayon sa matinding krisis ang naghaharing sistema, na maihahalintulad sa krisis na umiiral bago bumagsak ang diktadurang Marcos.

Upang pagtakpan ang matinding krisis sa ekonomya at pulitika at arbitraryong maipataw sa mamamayan ang mas mapaminsalang mga patakaran, naghahasik si Macapagal-Arroyo, kasabwat ng amo nitong si George Bush, ng isteryang anti-terorismo. Ginagamit na sangkalan ang umano'y "banta ng terorismo" upang supilin ang paglaban ng mamamayan, isagawa ang todo-todong teroristang digma laban sa mamamayan at Bagong Hukbong Bayan (BHB), buksan ang pinto para sa mas matinding interbensyong militar ng imperyalismong US sa Pilipinas at sagasaan ang usapang pangkapayapaan.

Ito na ang pinakamalinaw na manipestasyon ng militarismo, pagiging sagad-sagarang reaksyunaryo at garapal na pagkapapet ng rehimen. Sa ngalan din ng



NILALAMAN

Taon XXXIII, Blg. 1 Enero 2003

- **1** Editoryal: Lahatang-panig na isulong ang rebolusyon!
- **4 Rebolusyonaryong pagbubuwis:** Lehitimong gawain sa paggugubyerno
- 5 Matatagumpay na opensiba ng BHB
- **6 Planong 747:** Bagong bansag sa lumang gimik; (7) Mga pantastikong laman ng Plan 747
- Krisis pang-ekonomya: Ilang estadistika ng krisis; (9) Salbabida; (9) Mahirap ang buhay sa Hongkong
- **10** Mga maniobra ni Macapagal-Arroyo
- **12 Maynilad:** Bulok na karanasan ng pribatisasyon; (13) Mga pangakong napako
- Pasismo ng estado; (15) "Huwarang berdugo"; 14 (15) Pagkamatay ng mga peryodista; (16) Pangabuso sa karapatan ng pambansang minorya
- 17 Mga kritikal na dokumentaryong video
- 18 Balita

anti-terorismo, aroganteng namamayagpag ang US bilang nagsosolong *superpower* at nambabraso ng mga bansa laluna sa Asia-Pacific na tumalima sa kanyang "anti-teroristang adyenda" at mas matinding panggegera at interbensyon. Di hamak na mas malawakan, mas masahol at mas mapanalasa pa ang imperyalistang terorismo ni Bush at ni Macapagal-Arroyo kaysa sa terorismo ng Al Qaida at nina Osama bin Laden.

Sa buong daigdig, ibayo ang ligalig at pagdurusang dinaranas ng mga inaaping mamamayan at bansa dahil sa imperyalistang digma at agresyon at napakalalang krisis ng kapitalismo.

SA AKTWAL, ANG MAS GRABENG PAG-AASTANG MATON NI Bush at ng sunud-sunuran niyang papet sa Pilipinas ay tanda ng tumitindi nilang pangamba sa sumasambulat na mga problema at krisis ng imperyalismo at reaksyon.

Kabaligtaran ang mga pangyayari sa inaasam-asam nina Bush at Macapagal-Arroyo na tuluyan nang mahihiwalay at manghihina ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa deklarasyong "terorista" ito. May ibayong determinasyon ang rebolusyonaryong kilusan na ipagtanggol ang integridad nito laban sa paninira at panlalait ng imperyalismong US at papet na rehimeng Macapagal-Arroyo.

Sa ibayong dagat, kapuri-puri ang ibayong paglakas at paglawak din ng mga pakikibakang pangkabuhayan, mga pakikibakang anti-gera at iba pang pakikibaka ng mamamayan, bagay na lalong yumayanig sa sistemang kapitalista at nagbabadya ng pag-usbong at muling pagbangon ng pandaigdigang kilusang proletaryo.

Ang nakaraang tatlong taon ay kinakitaan ng makabuluhan at tuluy-tuloy na pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa batayan ng mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992-1998. Lubos nang nakabawi ang Partido at rebolusyonaryong kilusan mula sa malalaking pinsala at pag-atras. Habang sumusulong ang Partido, mulat na pinanghahawakan ang mga aral ng kilusang pagwawasto upang maiwasang muling lumihis sa wastong daan.

Ang kasalukuyang bilang ng organisadong baseng masa at ng saklaw na mga baryo at bayan at ang lakas ng Partido ay halos kapantay kung hindi man nakalampas na sa inabot na rurok nito noong kalagitnaan ng dekada 1980. Tuluy-tuloy pang palalawakin at pasisinsinin ang latag ng mga larangang gerilya, na sa ngayo'y bumibilang ng mahigit 120 at mahusay na nakapakat sa halos lahat ng rehiyon at malaking mayorya ng mga prubinsya sa Pilipinas.

Pangkalahatang layunin ngayon ng Partido at rebolusyonaryong kilusan na pag-ibayuhin pa ang pakikibaka laban sa reaksyunaryo, papet, mapanupil at bulok na naghaharing rehimeng Macapagal-Arroyo at sa amo nitong imperyalismong US na walang habas na nanghuhuthot at nanghihimasok sa bansa.

Nakahanda at mahusay na nakapakat ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa para sa lahatang-panig at ibayong pagpapalakas sa baseng masa, BHB, Partido at nagkakaisang prente sa kanayunan at kalunsuran sa lahat ng rehiyon, at sa higit pang pagpapabilis ng pagsulong ng mga pangunahing larangan ng pakikibaka.

Patuloy na bibigyan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ng pinakamataas na pagpapahalaga ang pagpapalakas ng mga organisasyon at pakikibaka ng masang magsasaka at manggagawa at iba pang maralita sa nayon at syudad.

Kabilang dito ang sumusunod:

- mga kampanyang antipyudal sa kanayunan kasabay ng iba pang kampanya laban sa pananalasa sa agrikultura ng imperyalistang "globalisasyon;"
- mga pakikibaka ng mga manggagawa para sa makabubuhay na sahod at laban sa labis na pagsasamantala at matinding paninikil ng pasistang estado sa kanilang mga demokratikong karapatan;
- mga kampanyang pangkabuhayan at pampulitika ng milyun-milyong mamamayan sa kanayunan at kalunsuran na wala o kulang ng trabaho at sa libu-libo pang araw-araw na nadaragdag sa kanilang hanay dala ng napakalubhang krisis; at
- mga pakikibaka ng mga empleyado at mga may maliliit na negosyong matinding tinatamaan o di kaya'y nanganganib bumagsak bunga ng krisis.

Susuportahan din ng PKP ang mga lokal na negosyante, laluna ang mga panggitnang kapitalista, na ngayon ay may lumalakas na pagtutol at pagkilos laban sa labis na pananalanta ng "globalisasyon ng malayang pamilihan".

Sa darating na taon at mga susunod pa, asahan ang ibayong paglakas ng BHB at opensibang militar nito matapos resolbahin ang mga suliraning sumagka sa mas mabilis pagsulong ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Tulad naipakita nitong huling bahagi ng 2002, determinado at matatag na pinasisigla ang mga taktikal na opensiba. Malakas na kahilingan ng masang magsasaka at iba pang maralita na palakasin rebolusyonaryong pakikibaka, armado man at di armado.



Mas dadami, mas dadalas at mas lalaganap ang mga taktikal na opensiba laban sa mga yunit ng AFP at PNP at mga pwersang paramilitar na pinakamatitindi ang pang-aabuso sa mamamayan. Target din ang pinakamasasahol na nanghuhuthot, nagpapahirap at nanunupil sa mga nagdarahop at karaniwang mamamayan.

Ang lalong pagpapaigting ng armadong rebolusyon at iba't ibang anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan ang makatarungan at tamang tugon sa walang habas na imperyalista at terorismo, imperyalistang interbensyon at walang-awang pagpiga sa masa ng sambayanan.

Binubuo natin ngayon ang pinakamalawak na pagkakaisa ng mga pwersang progresibo at demokratiko sa harap ng napakalalang krisis at pananalasa ng imperyalismo at reaksyon. Ipinahahayag natin ang kahandaang makipagkaisa sa lahat ng sinserong pwersa at elementong tumututol at lumalaban sa pananalasa ng imperyalistang globalisasyon, imperyalistang interbensyon at agresyon, pasismo at pandarambong sa gubyerno.

Nakikinikinita nating magiging napakaigting ng krisis sa bansa ngayong 2003 at mga susunod pang taon, na magiging brutal at walang habas ang pananalasa ng imperyalismo at reaksyon. Pero tiwala rin tayo na ibayong lalawak at titindi ang mga pakikibakang bayan. Mabilis na aanihin ng sabwatang Bush-Macapagal-Arroyo ang bagyong bunga ng itinanim nilang masamang hangin.

Rebolusyonaryong pagbubuwis

Isang lehitimong gawain sa paggugubyerno

sang rebolusyonaryong aktibidad na mabigat na iniinda ng reaksyunaryong gubyerno ang pagpapataw at pangungulekta ng rebolusyonaryong kilusan ng buwis sa malalaking dayuhan at kumprador kapitalistang interes na may mga operasyon at negosyo sa saklaw ng rebolusyonaryong Pinatutunayan ng rebolusyonaryong pagbubuwis na epektibong napaiiral at napagagana ang demokratikong gubyerno ng bayan sa malalawak na teritoryong saklaw ng rebolusyonaryong kilusan. Sa pagtalima ng mga binubuwisan sa rebolusyonaryong batas, pinatutunayan ang pagkilala ng mga ito sa Pulang kapangyarihang pampulitika. Ang lumalakas na pangungulekta ng rebolusyonaryong buwis ay nagpapakita rin ng kakayahan sa pagsandig-sa-sarili at higit na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa panggagalaiti rito ng reaksyunaryong estado at mga reaksyunaryong naghaharing uri, ang rebolusyonaryong pagbubuwis ay isa sa mga palaging sinesentruhan ng kanilang maruming propaganda at paninira.

Hindi ekstorsyon o teroristang gawain ang rebolusyonaryong pagbubuwis, tulad ng palaging idinadakdak ng reaksyunaryong rehimeng US-Macapagal Arroyo. Ito'y isang lehitimong gawain at karapatang pang-estado ng demokratikong gubyernong bayan. Ipinatutupad ito saanman umiiral at maaaring pairalin ang Pulang kapangyarihang pampulitika. Ang rebolusyonaryong buwis na ipinapataw sa mga kaaway sa uri ay makatwirang bayad sa pribilehiyo o kunsesyong ibinibigay sa kanilang pagnenegosyo o operasyon sa saklaw ng gubyernong bayan. Kaakibat ng pagbabayad ng buwis ang pagsunod sa mga batas ng gubyernong bayan patakaran rebolusyonaryong kilusan, na pawang nakatuon sa walang iba kundi sa pangangalaga sa interes ng mamamayan. Ang BHB ang pangunahing rebolusyonaryong organisasyong may responsibilidad sa implementasyon ng pagbubuwis. Bahagi ng responsibilidad nito ang pagpapataw ng karampatang parusa sa mga kaaway sa uring ayaw magbayad ng buwis.

Mayroon ding mga makabayang negosyante, mulat na panginoong maylupa at mayamang mag sasaka—mga kaibigan ng rebolusyon—na handang magbayad ng rebolusyonaryong buwis sa rebolusyonaryong gubyerno. Ang kanilang pagbabayad ng

gubyerno. Ang kanilang pagbabayad ng buwis ay ekspresyon ng suporta sa rebolusyonaryong kilusan at sa pangkahalatang kagalingan ng mamamayan. Kaiba sa kaso ng mga naghaharing uri, hindi gumagamit ng pwersa sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong buwis sa mga kaibigan ng rebolusyon.

Ang salapi at rekursong natitipon mula sa rebolusyonaryong pagbubuwis ay ipinanunustos sa operasyon ng Partido, BHB, demokratikong pamahalaang bayan at rebolusyonaryong kilusan at sa mga proyekto para sa pangkahalatang kagalingan ng mamamayan.

Sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong pagbubuwis, di isinasakripisyo ang kapakanan at interes ng sambayanan. Ang mga negosyo at ari-ariang pumipinsala sa mamamayan at kapaligiran ay di pinahihintulutan kahit pa handa sana silang magbayad ng rebolusyonaryong buwis.

Ibang-iba ang rebolusyonaryong pagbubuwis sa pagbubuwis na ginagawa ng reaksyunaryong gubyerno. Sa kalakhan, itong huli'y nanggagaling sa mga manggagawa, magsasaka, mabababang antas na empleyado at iba pang karaniwang mamamayan at may napakalaking bahagi (mahigit sangkapat) na napupunta lamang sa katiwalian at luho ng mga upisyal ng gubyerno, bukod pa sa kalakhang bahaging napupunta sa pagbabayad sa panlabas na utang, malaking gastos sa militar at pulisya panunupil sa mamamayan at pagtataguyod sa iba pang imperyalista at kumprador-burukrata kapitalistang interes.

AB

MATATAGUMPAY NA OPENSIBA NG BHB

REBULTO NI MARCOS, WINASAK NG BHB

Ipinagdiwang ng mamamayan at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pagpapasabog ng mga mandirigma ang Chadli Molintas Command (CMC) ng Bagong

Hukbong Bayan sa Kordilyera sa higanteng rebulto ni Marcos sa Tuba, Benguet noong Disyembre 29.

Sa pahayag ng CMC, tinawag nitong "isang monumento ng absolutong arogansya at kapalaluan ng diktadura" ang naturang rebulto. Dagdag pa, isa itong "salot sa lupaing ninuno ng mamamayang Ibaloi at paalaala sa kakila-kilabot na mga krimen ng mga Marcos laban sa mamamayan." Noon pa ma'y tinututulan na ng mga Ibaloi ang pagtatayo rebulto dahil napalayas sila sa kanilang lupain nang itayo ito noong maagang bahagi ng dekada 1980.

Binati ni Ka Roger, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang pagwasak ng rebulto. Aniya, ang pagwawasak nito ay pagpapahayag na hindi pa nabibigyan ng hustisya ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng diktadura at "ang tanging masusulingan ng mamamayang inaapi at pinahirapan ng diktadurang Marcos" ay ang rebolusyonaryong kilusan. Binigyang-diin ni Ka Roger na nananatiling may bisa ang direktiba ng Komite Sentral ng PKP noong 1999 na "arestuhin, litisin at parusahan ang mga pangunahing tagapagtupad at nakinabang sa batas militar".

Kampo ng 20th IB, sinalakay ng BHB sa Surigao del Norte

Matagumpay na nilusob ng BHB ang kampo ng abusadong 20th IB sa Barangay Ombong, Alegria, Surigao del Norte noong Disyembre 19. Isang sarhento at isang elemento ng Citizens Armed Forces Geographical Unit ang nasugatan sa labanang tumagal lamang nang 15 minuto. Ang abusado at malupit na 20th IB ay matagal nang inirereklamo ng mga lumad at mga upisyal ng kalapit na bayan ng Las Nieves.

Samantala, isang upisyal ng Philippine Navy sa Agusan del Norte ang naagawan ng kanyang kalibre .45 pistola noong Disyembre 20. Hindi na nakakilos pa si Lt. Christopher Salimbangon nang tutukan siya ng baril ng tatlo-kataong yunit ng BHB sa Sityo Dalaw-an, Barangay Rizal, Buenavista. Maliban sa kanyang baril, nakumpiska rin sa upisyal ang kanyang *cell phone* at *night vision goggles*.

Koronel, sugatan sa ambus sa South Cotabato

Isang kumander ng Philippine Army at tatlo pang sundalo ang nasugatan nang ambusin sila ng BHB sa Sityo Salapidan, Barangay Palian, Tupi, South Cotabato nitong Enero 4. Nagpapatrulya ang mga tropa ng 27th IB sa pamumuno n Lt. Col. Eduardo Laden nang sila ay tambangan. Wala pang tatlong kilometro sa detatsment ng Philippine National Police ang pinangyarihan ng ambus.

9 na riple inani sa reyd sa Davao Oriental

Siyam na riple ang nasamsam sa walang putok na reyd ng BHB sa upisina ng Civil Security Unit (CSU) sa Mati, kabisera ng Davao Oriental noong madaling araw ng Disyembre 29. Nasamsam ang dalawang M14, tatlong M16, isang karbin, isang garan at dalawang *shotgun*. Ang upisina ng CSU, na nasa kapitolyo ng Davao Oriental, ay 200 metro lamang ang layo mula sa himpilan ng 4th Special Forces ng PA at 300 metro lamang mula sa istasyon ng PNP sa Mati.

Mga sundalo, tinambangan sa Samar

Dalawang sundalo ang napatay at tatlo ang sugatan, kabilang si Lt. Reran Ante, nang tambangan sila ng BHB noong umaga ng Disyembre 29 sa Sityo Hebabaugan, Barangay Washington, Catarman, Northern Samar. Ang mga tropa, na pawang kabilang sa 63rd IB, ay lulan ng isang *Kennedy-type* na dyip nang pasabugan sila ng *land mine* ng mga Pulang mandirigma ng Sergio Lobina Command ng BHB.

RPA, 12th IB, napinsalaan sa Panay

Isang elemento ng bandidong Revolutionary Proletarian Army (RPA) ang nasugatan nang isnaypin ng BHB ang kanilang tim sa Brgy. Tacoyong Norte, Leon, Iloilo noong Disyembre 6.

Isang sarhento ng 12th IB ang napatay at isa pang sundalo ang nasugatan sa isang bigong operasyon ng militar laban sa BHB noong Nobyembre 29 sa Barangay Sta. Carmen, Dumalag, Capiz. Walang pinsala sa panig ng BHB.

sundan sa "Opensiba", pahina 6



pitong taon simula sa kalagitnaan ng 2003." Ito ang pinakabagong islogan ng rehimeng Macapagal-Arroyo nang itaguyod nito ang sosyo-ekonomikong programang ibinobongga ni House Speaker Jose de Venecia noong 2001. Isiningit ni De Venecia ang numerong "4" sa pagitan ng "747" bilang palatandaan ng kanyang intensyong tumakbo sa eleksyon para sa pagkapresidente sa 2004—kaya binansagang "Plan 747". Ngayo'y inangkin na ni Macapagal-Arroyo ang Plan 747 at umaasa siya nang malaki na ang mga bunga nito ay magiging malaking kapital niya para maiahon ang bagsak niyang popularidad.

Liban sa magimik na pamagat, walang pinagkaiba sa kabuuang oryentasyon ang Plan 747 sa Philippines 2000 (Medium Term Philippine Development Plan) ng dating rehimeng Ramos na puspusan ding itinaguyod ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Kapwa itong nakatuon sa lubusang pagbubukas ng ekonomya ng Pilipinas alinsunod sa imperyalistang "globalisasyon." Tulad ng Philippines 2000, itinataguyod ng Plan 747 ang liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon ng pambansang ekonomya. Katulad ng inaasahan sa mahilig magpapansing si De Venecia, ang tanging laman ng Plan 747 ay ilang piling proyekto at programang pampasiklab na gagamitin para sa maksimum na pagpapabongga at pagpapabango sa mamamayan.

Inililipat ng Plan 747 ang diin ng patakarang pangekonomya ng gubyerno mula sa "macroeconomics" (ang pangangasiwa sa ekonomya sa pamamagitan ng mga pangkalahatang patakaran) tungo sa "micro economics" (pagtutuon ng pansin sa mga partikular na proyekto). Sa halip na hayaan sa antas ng pangkalahatang oryentasyon ang pagtataguyod ng neoliberalismo, binibigyang-diin ng Plan 747 ang pagtataguyod at aktwal na pagtatayo ng mga partikular na susing proyekto. Kasabay nito, sinipa ni

sundan sa "Plan 747", pahina 7

"Opensiba..."

6

9 na armas, nasamsam sa dalawang opensiba sa Central Visavas

Pitong pwersa ng kaaway ang namatay at siyam na malalakas na armas ang nakumpiska ng BHB sa magkahiwalay na opensibang inilunsad nito laban sa pasistang tropa ng militar at CAFGU sa Cebu at Bohol noong Disyembre.

Nasamsam ng mga gerilya ng BHB ang apat na M14, isang M203 *grenade launcher* at isang M16 at lahat ng mga bala nang salakayin nila ang *mobile detachment* ng 78th IB sa Sityo Siotes, Barangay Caurasan, Carmen, Cebu noong Disyembre 12. Namatay ang apat na sundalo at nasugatan ang isa pa sa labanang tumagal ng halos kalahating oras.

Samantala, dalawang M14 at isang M16 ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma nang ambusin nila ang mga elemento ng 15th IB at ng CAFGU sa Sityo Fatima, Barangay Taming, Danao, Bohol noong Disyembre 9. Tatlong elemento ng CAFGU ang namatay sa unang bugso ng putukan.

Pusakal na meyor, pinarusahan

Pinarusahan noong Disyembre 19 ng mga partisano sa ilalim ng Pulang Diwata Command ng BHB sa Hilagang-Silangang Mindanao si Victor Elipe, kontramamamayan at kontra-rebolusyonaryong alkalde ng Tagana-an, Surigao del Norte.

Isang taong nirepaso ng hukumang bayan hanggang sa rehiyunal na antas ang kaso ni Elipe bago siya hinatulan ng kamatayan. Kabilang sa mga kasong iniharap ang pangangamkam ng lupa, panggigipit sa sinumang kumalaban sa kanya, panggagahasa at pagsasamantala sa kababaihan. Humingi ng paumanhin ang BHB sa mga pamilya ng dalawang lokal na upisyal na nasugatan nang magpalitan ng putok ang mga partisano ng BHB sa mga badigard ni Elipe.

Macapagal-Arroyo ang pangkalahatang kalihim ng National Economic Development Authority na si Dante Canlas dahil sa kainutilan diumano nitong pawiin ang naging negatibong tunguhin sa ekonomya nitong nakaraang dalawang taon. Ipinalit niya si Romulo Neri, bata ni De Venecia at siyang aktwal na bumuo ng konsepto ng Plan 747.

Nagpapasiklab lamang si De Venecia at Neri sa pangako nilang mabubura ng kanilang plano ang absolutong kahirapan sa loob ng 10 taon. Ang inaasahan nilang pagkakamit ng 7% taunang paglaki ng GNP mula 2003 ay napakalayo rin sa katotohanan.

Maging ang ilang tampok na proyektong nasa listahan ng Plan 747 ay imposible o kaduda-dudang makamit, tulad halimbawa ng pagtatanim ng isang bilyong puno para sa komersyal na pagtotroso sa loob ng pito hanggang 12 taon. O di kaya ang pagtatayo ng 750,000 bagong pabahay sa loob lamang ng tatlong taon.

Inaamin ni De Venecia na ang mga proyektong nakapaloob sa Plan 747 ay umaasa pa sa malakihang pangungutang mula sa Japan at Europe. Maging ang IMF ay nag-aalala, na sa laki ng kailangang gastusin sa pagpapatupad ng mga proyekto ng Plan 747, ay lalo lamang lalaki ang depisit at utang ng gubyerno at ng bansa.

Makamit man ang ilang proyekto nito, ang mas tatampok pang resulta ay ang higit na pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon ng bansa.

Kabaligtaran ng sinasabi ni Neri na "palalakasin ng Plan 747 ang supply-side (o ang panig ng prodyuser—tulad ng tagasuplay ng mga produktong agrikultural, tagasuplay ng mga produktong industriyal, tagasuplay ng mga serbisyo)," ang itinataguyod nitong ibayong pagliliberalisa ng agrikultura, industriya at serbisyo ay magreresulta lamang sa mas maramihang pagpasok at pagmonopolisa ng mga dayuhang kumpanya sa mga sektor ng ekonomya na limitado sa mga Pilipino o dating hindi pa gaanong pinapasok ng mga dayuhan, laluna sa agrikultura at serbisyo, at pagbaha rito ng mga imported na produkto. Magdudulot ito ng higit na kahirapan at pagkalugi ng mga magsasaka at ng mga lokal na empresa sa industriya at serbisyo.

Ang pangunahing nilalaman ng Plan 747 ay ang "modernisasyon ng agrikultura" sa pamamagitan ng mga tipongplantasyon na pagtatanim ng high-value crops tulad ng kasoy, asparagus, paminta at ube, pangunahin na para sa eksport. Gagamit din ang mga ito ng maraming imported na sangkap, tulad ng certified seeds at kemikal na abono at pestisidyo. Papalitan ng pagtatanim ng high-value crops ang pagtatanim ng palay kaya isasagawa ang malawakang pagpapalit-gamit ng maraming maliliit na palayan tungo sa pagtatayo ng maraming plantasyong nakatuon-sa-eksport.

Sa halip na paunlarin ang ekonomya, ipapako lamang ito ng Plan 747 sa ibayong pagsandig sa import at eksport at sa pagkaatrasado.

Mga pantastikong laman ng Plan 747

- 1) "Modernisasyon ng agrikultura" sa pamamagitan ng pagtatanim ng high-value crops tulad ng kasoy, asparagus, paminta at ube para sa eksport at pagbabawas sa kabuuang lupaing nakalaan para sa pagtatanim ng palay.
- 2) Pagtatanim ng isang bilyong *com-mercial fast-growing trees* na maaaring trosohin ng mga dambuhalang kumpanya sa loob lamang ng limang taon.
- 3) Pagtatayo ng 750,000 pabahay sa loob ng tatlong taon upang magbapango sa maralitang-lunsod at makalikha ng libulibong panandaliang trabaho (transient employment) sa bagsak na sektor ng konstruksyon.
- 4) Pagtatakda ng *open skies policy* o ang pag-alis ng mga sagka upang malaya nang makalipad sa himpapawid (*airspace*) ng bansa ang dayuhang *airlines*.
- 5) Pagpapatampok ng mga bongga at makatawag-pansin na mga proyekto sa mga *export processing zone* sa Luzon sa pag-asang makaaakit ito ng dayuhang pondo at ayuda.
- 6) Pagpapahintulot sa mga lokal na gubyerno na pumasok sa mga kontratang build-operate-transfer (BOT) sa mga pribadong kumpanya sa antas-prubinsya nang sa gayon ay higit na lumawak ang makikinabang na mga dayuhang kumpanya at tiwaling upisyal sa gubyerno.
- 7) Pagpapadala ng 25,000 estudyante sa mga paaralan sa US, Europe at Japan para matuto ng syensya at teknolohiya sa pagasang maibabahagi nila ang mga ito sa bansa gayong wala naman silang mapapasukang industriya pagbalik nila—kung babalik pa sila.
- 8) Pagbabalanse ng pambansang badyet simula 2003 gayong umabot na sa P223 bilyon ang depisit sa taong ito, at mismong mga bayarang ekonomista ng rehimen ang nagsasabi na hindi liliit o mapapawi ang depisit sa susunod na tatlong taon.

ILANG ESTADISTIKA NG KRISIS

agkakasunod na sampal sa ekonomya ang tinanggap ng rehimeng Macapagal-Arroyo nitong huling hati ng taon. Hirap na hirap si Macapagal-Arroyo na ilarawan nang maganda ang kalagayan ng ekonomya sa harap ng sumusunod na mga estadistikang nagpapatampok sa umiigting na krisis sa Pilipinas:

Pagbagsak ng dayuhang pamumuhunan.

Para sa ikatlong kwarto ng taon, umabot lamang sa P4.7 bilyon ang kabuuang pumasok na dayuhang puhunan. Ito ay 81% pagbagsak mula sa P25 bilyong pumasok noong nakaraang taon. Ang lumaki lamang ay ang portfolio

investments na umabot ng \$692 milyon (Enero-Setyembre 2002) mula \$208 milyon noong 2001. Ang *portfolio investments* ay nakatuon lamang sa pagbili ng mga bono ng gubyerno—isang instrumento sa pinansya para makapangutang ang gubyerno sa madla—at walang kabuluhan sa produksyon at paglago ng ekonomya.

Disempleyo. Nagtala ng 10.2% pagtaas ang upisyal na tantos ng disempleyo mula sa 9.8% noong nakaraang taon. Mula Hulyo hanggang Oktubre, mahigit 243,000 manggagawa ang nawalan ng trabaho at hindi nakakita ng trabaho. Sa konserbatibong estadistika ng gubyerno, naitalang umaabot na sa 3.5 milyon ang mga Pilipino na walang trabaho. Mahigit 4.6 milyong Pilipino naman ang walang sapat na trabaho (*underemployed*). Dahil sa pagbagsak ng dayuhang pamumuhunan, mahigit 17,000 bagong trabaho lamang ang tinatayang nilikha ng mga dayuhang empresa, mas mababa nang 37% kumpara sa 27,000 bagong trabahong nalikha noong nakaraang taon.

Samantala, patuloy ang malawakang tanggalan ng mga regular at kontraktwal na mga manggagawa dulot ng pagbagsak ng produksyon. Lagpak na lagpak ang planong "one million jobs" ni Macapagal-Arroyo matapos na mabunyag na 60,000 bagong trabaho lamang ang nalikha sa agrikultura.

Depisit sa badyet. Tinatayang aabot sa P223 bilyon ang depisit sa badyet ngayong taon bunsod ng kakulangan ng kita ng gubyerno. Mas mataas ito nang 65% sa unang target na P130 bilyon.

Lumolobong utang. Patuloy na lumolobo ang utang ng gubyerno habang lumalaki ang binabayaran nitong interes. Ayon sa pinakahuling kalkulasyon, nasa P3.26 trilyon na ang pangkabuuang utang ng gubyerno (kabilang na ang P535 bilyong ginarantiyahan ng gubyerno na mga utang ng mga pribagong kumpanya sa ilalim ng iskemang build-operate-transfer), mas mataas nang 17% kaysa nakaraang taon. Ang pagbabayad pa lamang ng minimum na P411 bilyon na taunang interes ng mga utang na ito ang magpapalobo sa depisit sa badyet sa susunod na tatlo hanggang apat na taon.



Katulad ng mga nakaraang taon, ang tanging nakasasalba ngayon sa ekonomya ng Pilipinas ay ang mga dolyar na ipinapasok ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bayan o overseas Filipino workers (OFW).

Sa unang tatlong kwarto ng 2002, umabot sa \$5.37 bilyon (P280 bilyon) ang ipinasok ng mga OFW, mas mataas nang 21.2% kumpara sa nakaraang taon. Ito ay sa kabila ng pagbagal ng mga remitans sa mga buwan ng Hunyo, Agosto at Setyembre dulot ng pagbaba ng mga sahod sa Saudi Arabia, Taiwan at Korea. Nagawa ng mga dayuhang gubyerno na ibaba ang sahod sa kabila ng pagtutol ng mga OFW dahil nakipagsabwatan dito ang

sundan sa"Salbabida", pahina 9

Talaan ng Foreign Direct Investments

Enero-Disyembre (sa milyong dolyar)				
2002 (Ene-Okt)	722			
2001	1,186			
2000	1,300			
1999	737			
1998	1,750			
1997	1,250			
1996	1,520			

Pinagkunan: World Investment Report 2001 at National Statistical Coordination Board

"Salbabida"

Department of Labor and Employment. Para sa buong 2002, inaasahan ng rehimen na aabot sa \$7.5 bilyon (P390 bilyon) ang mapipiga mula sa mga OFW.

Gayunpaman, patuloy ang paglaki ng bilang ng mga Pilipinong lumalabas sa bansa dulot ng mapang-aliping sahod at kawalan ng mga oportunidad sa loob ng bansa. Paparami sa kanila ay mga nars, caregiver (tagapag-alaga ng mga bata, matatanda o maysakit), guro, eksperto sa kompyuter, teknisyan at iba pang propesyunal at mga manggagawa sa serbisyo, na hinihigop sa Europe, America at Asia. Mula Enero hanggang Agosto pa lamang, umabot na sa 612,358 Pilipino ang nangibang bayan, mas mataas nang 4% kumpara sa nakaraang taon.

Ang mga remitans ng mga OFW ay bumubuo ng 54% ng kabuuang kita mula sa labas ng bansa. Isa ito sa mga pangunahing dahilan kung bakit tumaas hanggang \$751 milyon ang sarplas sa balance of

Taon	Remitans	Bilang ng bagong OCW					
(sa milyong dolyar)							
2002 (Ene-Okt)	5,370	612,358 (Ene-Agosto)					
2001	6,500	866,590					
2000	6,050	841,628					
1999	6,794	837,020					
1998	4,925	831,643					
1997	5,741	747,696					
1996	4,306	660,122					

Pinagkunan: Philippine Overseas Employment Administration

payments (balanse ng salaping pumasok at lumabas sa bansa) kahit pa napakaliit ng iniusad ng kalakalan sa produkto (9.8%) at bumagsak pa nang 40.9% ang kalakalan sa serbisyo.


Susi ang remitans ng mga OFW sa pagpapalaki ng gross national product (GNP). Dahil dito, halos tauntaon ay nakapagtatala ng paglago ang ekonomya kahit pa sa aktwal ay kumitid ang mga sektor ng industriya at agrikultura sa loob ng bansa. Mahigit 33% o P83 bilyon sa ipinapasok ng mga OFW ay napupunta sa kaban ng gubyerno. Bumubuo ito ng 6.2% ng GNP. AB

Mahirap ang buhay ng mga DH sa Hongkong

Mula Nobyembre 2002, Puspusan Nang Nilalabanan ng mga domestic helper (DH) sa Hongkong na galing sa Pilipinas, Thailand, Sri Lanka, Nepal at Indonesia ang pinakabagong kontra-manggagawang pakana ng gubyerno rito. Sa panahong ito, binalak ng Hongkong na simulan ang pagpapataw ng HK\$500-750 (P3,250-P4,875 sa palitang P6.50=HK\$1) buwis sa sahod ng mga DH. Noong Disyembre, mahigit 5,000 DH mula sa 100 grupo ng mga migranteng Asyano ang nagmartsa sa mga lansangan ng Hongkong. Nangako ang mga DH na masusundan pa ito ng mas malaki, mas madalas at mas malawak na mga protesta kung hindi iaatras ng gubyerno ng Hongkong ang panukala. Pinangunahan ito ng Asian Migrants Coordinating Body at United Filipinos in Hongkong.

Mariing tinututulan ng mga DH ang panukala dahil lalo lamang nitong kakainin ang kakarampot na sahod na tinatanggap nila kapalit ng halos 24-oras, pitong-araw na serbisyo nila sa mga pamilya ng Hongkong. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Mission for Filipino Migrant Workers (MFMW), sa kabuuang HK\$3,670 hanggang HK\$4,119 na tinatanggap ng ordinaryong DH, 66% (P15,971) nito ay ginagastos ng mga DH para sa kanilang mga pinansyal na

Saan napupunta ang sahod?



Pinagkunan: Mission for Filipino Migrant Workers

pangangailangan sa loob ng Hongkong. (Tingnan ang tsart)

Aabot lamang sa HK\$1,278.35/buwan (P8,307) o HK\$42.91/araw (P278.90) ang regular na naipapadala ng isang DH sa kanyang pamilya sa Pilipinas. Napakaliit nito kumpara sa mahigit P500/araw o P15,000/buwan na pangangailangan ng isang pamilya sa Pilipinas.

MGA MANIOBRA NI MACAPAGAL-ARROYO HANGGANG 2004 AT LAMPAS PA RITO

ng biglaan at madramang pag-anunsyo ni Macapagal-Arroyo na hindi siya tatakbo sa eleksyong 2004 ay isang desperadong hakbangin. Layunin nitong makabawi mula sa matarik na pagbulusok ng kanyang popularidad, maiwasan ang pagkalampaso sa eleksyong 2004 at bago pa ito, ang posibilidad na mapabagsak ng isang malawakang pagaalsang bayan at malikha ang isang klimang pampulitikang paborable para sa todo-largang pagsasakatuparan ng neoliberal na mga patakaran sa ekonomya at ng todo-todong teroristang digma.

Ang deklarasyon ni Macapagal-Arroyo ay ginawa niya isang araw matapos ang isang mabilisang pagkonsulta kay US Ambassador Richard Ricciardone. Ricciardone. Ipinakikita lamang nito na ang US ang siya pa ring nasa likod ng ganitong maniobra ng papet na presidente.

Isa itong tahimik na pag-amin na ngayon pa lamang ay talo na siya sa eleksyong 2004. Ngunit ang hakbang paatras niyang ito ay may kasunod na planong dalawang hakbang pasulong. Hangad pa rin niyang patuloy na maghari at, para rito, tusong binabago-bago niya ngayon ang mga tuntunin sa laro sa reaksyunaryong pulitika.

Ang mga tagatambol ng papet na rehimen ay nangangarap na biglang magbabago ang ihip ng hangin. Nais nilang maagaw ang inisyatiba at mapahupa ang mga batikos kay Macapagal-Arroyo bunsod ng pag-aasta niya ngayong "angat sa pulitika."

Ngunit hindi binabago ng bagong asta ni Macapagal-Arroyo ang patuloy na tumitinding girian ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri para maagaw ang poder sa 2004 o bago pa man nito. Maging sa hanay ng naghaharing pangkatin mismo'y umiigting ang maniobrahan at pag-aagawan sa inisyatiba at pamumuno.

SI SPEAKER JOSE DE VENECIA ANG PINAKAAKTIBO SA mga maniobra sa bagong sitwasyon. Ang kanyang mga panukala ay nagbibigay kay Macapagal-Arroyo ng maluwag na atrasan sa harap ng lalong nagigipit na tayo niya at, sa gayon, siyang kinakagat ngayon ni Macapagal-Arroyo. Magkasabay na iniabante niya ang panukalang pagbabago ng reaksyunaryong



konstitusyon ("charter change" o cha-cha) at panukalang "gubyerno ng pambansang pagkakaisa." Para bigyang-diin ang kanyang panukala, nagbabala si De Venecia na kailangang tanggapin na ang kanyang mga panukala upang maiwasan ang kudeta.

Ang panukalang cha-cha ay maaaring may kasabay pa ring eleksyon sa 2004, o kaya magtatanggal na sa eleksyon sa 2004 "No Elections" (No-el) at magpapairal na muna ng isang gubyernong transisyunal hanggang sa 2007. Sa panahong ito'y mananatiling presidente si Macapagal-Arroyo upang makaiwas na sumugal sa eleksyong 2004 na malamang ay di rin naman niya maipagwawagi. Maluwag pa ang mga opsyon kaakibat ng cha-cha, matuloy man ang eleksyon sa 2004.

Bagamat hindi tahasang sinabi ni De Venecia, sa panukalang pagbabago ng konstitusyon ay litaw ang ambisyon niyang maging *prime minister* sa ilalim ng panukalang sistemeng parlamentaryo.

Para makuha rin ang basbas ng US, nilalaman din ng panukalang cha-cha ang pagdaragdag ng mga probisyong magpapasahol sa imperyalistang dominasyon sa Pilipinas, kabilang na ang pagpapahintulot sa mga dayuhan na makapag-ari ng lupa sa bansa.

Ayon naman sa panukalang "gubyerno ng pambansang pagkakaisa," palalahukin sa gabinete ang iba't ibang grupong pulitikal, kabilang ang oposisyon, mga grupong "civil society" at pati "mga grupong nasa Kaliwa, Kanan at mga sesesyunista," upang magkaroon ng mas malawak na base ang gubyerno at masuhayan ang dumadaudos na tiwala sa gubyerno.

Inirekomenda ni De Venecia si Kasamang Jose Ma. Sison para kumatawan sa Kaliwa. Ang panukalang isama si Sison ay tahasan nang ibinasura ni Macapagal-Arroyo.

Anu't anupaman, kinakailangang magkaroon ng malinaw na prinsipyadong batayan ng pagkakaisa. Gayundin, kailangan ng malaking pagbabago sa mga patakaran ng gubyerno sa direksyong mas katanggaptanggap at kapaki-pakinabang sa masa ng sambayanan. Kung wala ito, ang paglahok sa tinatawag na "government of national unity" ng mga lider rebolusyonaryo ay makapagbibigay lamang sa gumegewang na gubyernong Macapagal-Arroyo ng kredibilidad, karagdagang buhay at puwang upang ipagpatuloy at pag-ibayuhin pa ang mga papet, mapanupil at bulok na mga patakaran at palakad nito.

Makabubuti kung ang panukala para sa "government of national unity" ay magbibigay-daan sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Tungo rito, kailangan niyang baligtarin ang mga patakaran at palakad ng kanyang gubyerno na sumagasa sa usapang pangkapayapaan. Kabilang sa mga ito ang todo-todong gera laban sa BHB at rebolusyonaryong baseng masa; pagbawi nito at ng US sa bansag na "terorista" sa Partido, NDF, kay Kasamang Sison at iba pang rebolusyonarong lider at myembro ng NDF peace panel; muling pagpapatibay at pagpapatupad ng mga kasunduan sa pagitan ng NDFP at GRP; pagbasura sa burador na dokumento ng pagsuko na nasa anyo ng "isang-prosesong komprehensibong paketeng pangkapayapaan" at sa halip ay tumuloy na sa seryosong pagtalakay at pagsisikap na kamting muli ang pagkakaisa sa dati nang napagkaisahang apat-na-bahaging batayang adyendang pumapaksa sa mga reporma para sa kapakanan ng mamamayan.

Hindi pa rin pinapawi ng deklarasyon ng di-pagtakbo ang malaki pa ring posibilidad na "magbabago ang isip"ni Macapagal-Arroyo at babawiin niya ang kanyang deklarasyon—batay umano sa "kahilingan" ng kalagayan, tungkulin o mamamayan.

Habang nakaupo si Macapagal-Arroyo sa Malakanyang at walang nakikitang dramatikong pagbabago sa patakarang pakikinabangan ng bansa at malawak na masa, ang naturang deklarasyon ni Macapagal-Arroyo ay lalo pang magbubunsod ng pag-igting ng krisis ng naghaharing sistema, pag-iibayo ng mga protesta at pagtuligsa sa labis na antinasyunal, antidemokratiko at antimasang mga patakaran at palakad niya.

Karanasan sa Maynilad

KABULUKAN NG PATAKARANG PRIBATISASYON



ula nang ibenta ng reaksyunaryong gubyerno ang MWSS (Metropolitan Waterworks and Sewerage System) sa Maynilad Water Services, Inc. at Manila Water Company, Inc., sunud-sunod na pagtaas ng singilin sa tubig ang humambalos sa mamamayan. Subalit sa kabila ng napakalaki na ngang inilobo ng mga bayarin, wala pa ring awat ang mga kumpanya sa paggiit ng lalo pang pagtaas.

Ang karanasan sa Maynilad Water Services, Inc. ay malinaw na nagpakita sa tunay na mukha ng pribatisasyon. Napasinungalingan ng mga pangayari ang pinagarbong pangako ng reaksyunaryong gubyerno na magiging mas mura at episyente ang serbisyo sa tubig kapag isinapribado na ito. Wala nang ibinigay na pakinabang, dagdag pang pahirap sa malaon nang naghihikahos na mamamayan ang idinulot ng pribatisasyon ng serbisyo sa tubig. Walang ibang magbibigay tapat at maginhawang serbisyong ng

panlipunan kundi ang mga industriya at serbisyong isasailalim sa nasyuna-lisasyon—na patatakbuhin ng gubyernong bayan nang walang interes na magkamal ng tubo para sa iilan.

Noong Disyembre, nagbanta ang Maynilad na isasauli nito ang kontrata sa gubyerno kung hindi ito papayagang muling itaas ang singilin sa tubig. Takot na takot ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa malawakang protesta kung pahihintulutan nito ang Maynilad na magtaas ng singil.

Kung hindi sila pahihintulutan, nagbabanta ang Maynilad na ibalik sa gubyerno ang kontrata dahil di na umano sapat ang kinikita nila rito. Iginigiit din ng Maynilad na ibalik ng gubyerno ang \$303 milyon nilang puhunan.

NANG AKUIN NG MAYNILAD NOONG PEBRERO 21, 1997 ang konsesyon sa tubig, kinarga nito ang bulto ng utang ng MWSS na nagkakahalaga ng \$800 milyon. Dahil sa humambalos na krisis sa pinansya sa Asia noong 1997 na nagpababa sa halaga ng piso mula P26:\$1 tungong P52:\$1, lumobo sa P50 bilyon ang utang nito mula sa P20 bilyon noong 1997.

Noong Marso 2001, itinigil ng Maynilad ang pagbabayad sa konsesyon sa MWSS upang makabawi umano ang kumpanya sa pagkalugi nito bunga ng debalwasyon ng piso. Mula noon, kinarga na ng MWSS ang pagbabayad at umutang ang gubyerno sa dayuhang bangko para rito. Umabot na sa P5 bilyon ang di nababayarang concession fees ng Maynilad sa MWSS. Binitiwan ng reaksyunaryong gubyerno ang obligasyong bayaran ang utang ng MWSS at ipinakakarga sana ito sa Maynilad, subalit makailang ulit na ang laki ngayon ng utang na muling ibinabato ng Maynilad sa gubyerno. Wala ring ibang papasan nito kundi ang mamamayan.

Dagdag na pahirap sa mamamayan

Walang naidulot ang pribatisasyon ng MWSS sa mamamayan kundi sunud-sunod na pagtaas ng singilin sa tubig. Ni hindi nito napanghawakan ang naunang pangakong ibaba nito ang singil sa serbisyo.

Maynilad Water Services

Pangalan: Jose de la Cruz

Tirahan:

Account No. XXXX Billed Consumption (cu. m)
Property No. XXXX Present Reading 705
Meter No. XXXXXX Previous Reading 663
Rate Code: Residential (01) Consumption 42

Billing Scheme N Bill Period 06 Nov - 07 Dec 2002

TOTAL CURRENT CHARGES

Water/Sewer Charges

Basic Charge	Р	274.59		
CERA		42	Summary of Charges	
FCDA		21.71		
Environmental ch	arges	33.83	Current charges	411.54
MSC		2.00		
VAT		37.50	Total Amount	411.54
Total		411.54		

Sampol ng isang billing statement ng Maynilad

Mahigpit na ipinagbabawal sa orihinal na kontrata ang arbitraryong pagtataas ng singil ng dalawang konsesyunaryo sa loob ng 25 taon. Kaya noong Oktubre 2001, nakipagsabwatan ang gubyernong Macapagal-Arroyo sa Maynilad at MWCI upang amyendahan ang dating kasunduan at pahintulutan ang anumang pagtataas. Liban sa batayang singil, ang dating tanging maaaring singilin ng Maynilad at Manila Water ay ang currency exchange rate adjustment (CERA) na nakapako sa P1/metro kubiko.

Inamyendahan ang kasunduan para mabawi diumano ng dalawang kumpanya ang pagkalugi nila mula sa pagbulusok ng halaga ng piso. Gayunpaman, malinaw na ang lahat ng mga bagong singilin ay para sa pagkakamal ng pinakamalaking posibleng tubo. Taliwas sa naunang kontrata noong 1997 na pagbawi sa kapital sa loob ng 25 taon, pilit itong kinukuha ng Maynilad at MWCI sa loob lamang ng limang taon.

Sa bagong kasunduan, pinayagang maningil ang dalawang konsesyuner ng mga bayaring (1) accelerated-extraordinary price adjustment (AEPA); (2) foreign currency differential adjustment (FCDA); at (3) special transitory mechanism (STM).

Inumpisahang maningil ng AEPA noong 2001 sa halagang P1 kada metro kubiko ng tubig na kasama sa *basic charge*. Tinatayang nakakakolekta ang Maynilad ng mahigit P2.6 bilyon mula sa AEPA.

Ang FCDA ay isang mekanismo para sa awtomatik

na pagbabago sa presyo depende sa pagbagsak o pagtaas ng halaga ng piso kontra sa dolyar. Ito rin ang ginagamit na mekanismo kapwa ng NAPOCOR

at PLDT upang ipasa sa kanilang mga konsyumer ang madalas nilang pagkalugi dahil sa pabagu-bagong halaga ng piso. Ang automatic price adjustment ng FCDA ay dagdag sa CERA na nakapako

sa isang pirmeng halaga.

Nag-umpisa ngayong taon ang koleksyon ng FCDA na katumbas ng 35.73 % ng *basic charge* ng Maynilad at 49.6% sa MWCI.

Ang STM ay sinimulang singilin noong Hulyo 2002. Bukod rito, marami pang ibang sinisingil ang Maynilad. (*Tingnan ang sampol* billing statement.) Ang lahat ng dagdag na bayarin ay walang kaugnayan sa kinokonsumong tubig.

Sa kabila ng sunud-sunod na pagtaas ng mga bayarin ay nananatiling bulok ang serbisyo ng Maynilad: hindi ligtas na inumin ang tubig sa lahat ng pagkakataon, hindi 24 oras ang pagdating tubig sa mga konsyumer at halos bawat buwan ay may mga araw na sunud-sunod na tuyo ang mga tubo ng tubig. Marami ring kaso na naniningil ang Maynilad kahit wala pa ni isang patak ng tubig sa gripo ng mga nakapagbayad na para sa pagpapakabit ng serbisyo.

Mga pangakong napako

MASUGID NA TAGASUNOD NG DIKTANG PRIBATISASYON ng International Monetary Fund at World Bank ang kasalukuyan at mga nagdaang rehimen. Mula pa nang bumwelo ang pribatisasyon noong panahon ng rehimeng US-Aquino at Ramos hanggang sa pagpapatupad nito ng mga rehimeng US- Estrada at Macapagal-Arroyo, patuloy na inilulugmok ng pribatisasyon sa labis na kahirapan ang mamamayang Pilipino.

Palagiang ipinagmamayabang ng magkakasunod na rehimen na makakatulong sa mamamayan ang pribatisasyon. Dahil umano sa kumpetisyon, bababa ang presyo ng mga bilihin at bayarin kasabay ng mas magandang mga pasilidad at serbisyo. Subalit sa katunayan, layunin lamang ng pribatisasyon na bawasan o alisin ng mga gubyerno ang gastusin para sa mga serbisyong panlipunan. Ito ay upang maiwasan ang depisit sa badyet at mailaan ang pondo ng bayan para sa pagbababayad ng utang.

Ipinasa ng rehimeng US-Ramos ang Water Crisis Act noong 1995 dahil umano sa kawalang-kakayahan ng MWSS na magbigay ng magandang serbisyo sa buong Kamaynilaan. Ang MWSS ang pinakamalaking kumpanya sa tubig na isinapribado sa buong mundo.

Nabili ang MWSS ng dalawang kumpanya: ang Maynilad Water Services, Inc. na sumaklaw sa kanlurang bahagi ng Kamaynilaan at ilang kalapitbayan; at ang Manila Water Company, Inc. (MWCI) na sumaklaw naman sa silangang bahagi.

Ang Maynilad ay 59% pag-aari ng Benpres Holdings Corporation ng pamilya Lopez, 40% ng Suez Lyonnaise des Eaux, isang multinasyunal na kumpanyang Pranses (ngayon av Ondeo Philippines Inc.) at 1% ng Metrobank. Ang Manila Water, sa kabilang banda, ay pag-aari ng pamilyang Ayala (40%). Pinakamalalaking kasosyo nito sa kumpanya ang Bechtel Overseas Corp., isang kumpanyang US at United Utilities PLC ng United Kingdom.

Sa simula, nag-alok ang Maynilad na ibaba ang singil sa tubig tungo sa P4.97 kada metro kubiko habang ipinagmayabang naman ng Manila Water na kaya nitong ibaba ang sariling singil sa P2.32/metro kubiko. Dalawampu't limang taon ang kontrata ng dalawang kumpanya sa gubyerno.

Matindi ang naging protesta ng mga manggagawa nang isinapribado ang MWSS. Agad-agad, 57% ng halos 10,000 manggagawa o 5,489 ang sinipa sa kanikanilang mga trabaho. Ang natitirang 4,331 ay ipinailalim sa "probation period" habang unti-unti na rin silang tinanggal dahil sa iba't ibang kadahilanan, kabilang ang pwersahang pagreretiro. Matapos ang ilang buwan, 1% lamang ng kabuuang lakas paggawa ng MWSS ang pinanatili bilang mga regular na manggagawa.

PASISMO NG ESTADO

ayroon nang naitalang 1,545 kaso ng paglabag sa karapatang-

tao mula nang maging presidente si Macapagal-Arroyo noong Enero 2001 hanggang Nobyembre 29, 2002, ayon sa KARAPATAN. Pitumpung porsyento (70%) ng mga ito ay kagagawan ng AFP, 13% ng PNP at ang iba pa, ng *goons*, mga *vigilante* at iba pang grupo.

Sa gayon, mayroong di bababa sa 19 kaso ng paglabag sa karapatang-tao bawat linggo sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Mayroong abereyds na dalawang "pinaghihinalaang terorista" o "simpatisador ng mga komunista" na pinapatay bawat linggo. Isandaan animnapu't pitong (167) aktibista, lider masa at pinaghihinalaang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan na ang pinatay sa panahong ito. Tatlumpo (30) sa mga pinaslang ay lider o myembro ng Bayan Muna. Dalawampu't dalawa ang mga babae at pito ang bata. Tatlumpu't apat (34) ang nakaligtas sa mga tangkang pagpatay. Labing-anim ang *desaparecido*.

Umaabot sa 314 ang bilang ng mga bilanggong pulitikal. Dalawandaan at siyam (209) o mahigit 66% ang ibinilanggo sa ilalim ng gubyerno ni Macapagal-Arroyo. May 17,000 pamilya na ang napalayas bunga ng patakarang "all-out war" ng rehimen.

Umani na ng mariing batikos ang malagim na rekord ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Ani Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, hindi lamang nagiging kamukha ni Marcos si Macapagal-Arroyo sa usapin ng terorismo at paglabag sa karapatang-tao. Sa Timog Katagalugan, aniya, di hamak na mas malala ang mga pang-aabuso ngayon kumpara sa panahon ng diktadurang Marcos. "Ang pinapatay nila ay mga sibilyan," ani Ka Roger. "At hindi sila simpleng pinapatay. Ang iba ay pinupugutan ng ulo at ikinakalat sa iba't ibang lugar ang iba't ibang bahagi ng kanilang katawan."

Ang pinakahuling kaso ay naganap noong Nobyembre 23-24 sa Puerto Galera, Oriental Mindoro. Doon, apat na sibilyan ang dinukot at pinatay, kabilang si Anthony Martinez, isang lider masa. Natagpuan ang pugot na ulo ni Martinez at ang kanyang katawan sa magkaibang barangay. Siyam na Mangyan din ang dinukot sa panahong iyon.

Duguan ang mga kamay ni Macapagal-Arroyo. Inendorso niya mismo ang mabangis na kontramamamayan at kontra-rebolusyonaryong kampanya sa isla nang dumalaw siya sa Mindoro noong kalagitnaan ng 2001 at iniutos ang pagdaragdag ng limang kumpanya ng mga sundalo rito.

Ang iba't ibang anyo ng paglabag sa karapatangtao ay binatikos sa demonstrasyon sa Maynila noong Disyembre 10. Tinuligsa nito ang "malakas at matatag na republika" ni Macapagal-Arroyo. Walang ibang kahulugan ito kundi ang ibayong panggigipit sa mga karapatang sibil at demokratiko ng mamamayan sa ngalan umano ng "anti-terorismo."

Walang puknat ang terorismo ng estado at mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas, mula sa diktadurang Marcos hanggang sa kasalukuyan. Ayon sa Amnesty International (AI), "May padron ng pangaaresto, detensyon at tortyur na iniuulat ang malawak na bilang ng mga pulitikal at kriminal na suspek, kapwa noon at ngayon." Anito, "kabilang sa padrong ito ang pambubugbog sa mga suspek habang sila'y inaaresto, kadalasan nang walang mandamyento; pagkait sa kanila ng karapatang magkaabugado at madalaw ng doktor at pamilya sa loob ng mahabang panahon ng detensyong incommunicado; at paggamit ng pwersa, kabilang ang mga paraang walang naiiwang mga bakas, pangunahin para gipitin ang mga suspek o para pangalanan nila ang mga pinagsususpetsahang kasabwat."

Kasalukuyang ikinakampanya ng AI ang tampok na kaso ng "Abadilla 5"—limang inosenteng lalaking pinagbintangang pumatay kay Col. Rolando Abadilla, isang pusakal na tortyurer at mamamatay-tao sa ilalim ng diktadurang Marcos. Pinatay si Abadilla noong Hunyo 1996 ng mga oportunistang taksil sa pamumuno ni Sergio Romero na walang pahintulot na gumagamit sa ngalang Alex Boncayao Brigade.

Sa kabila ng makailang-ulit na pag-amin nina Romero at pagkakaroon pa ng mga ebidensyang nagpapatunay na kagagawan nila ang pagpatay, kinasuhan pa rin ng PNP ang "Abadilla 5" para mailusot ang pangkat ni Romero at makapagpalitaw ng iba pang "maysala." Hindi kilala ng lima si Abadilla,

sundan sa "Pasismo", pahina 15

wala silang anumang kaugnayan sa kanya hanggang sa panahong kinasuhan sila at walang napalitaw na anumang motibo o sinumang pasimuno sa pagpatay ang mga imbestigador. Para paaminin, ang "Abadilla 5" ay ipinailalim sa na-pakatinding tortyur. Hinatulan na sila ng kamatayan ng korteng bumalewala sa ebidensya na sila ay pinahirapan.

Sa isang interbyu sa pahayagang *Philippine Daily Inquirer*, buong pagma-mayabang na kinumpirma ng isang buhong na upisyal ng PNP ang malawakang paggamit ng estado sa tortyur. Ayon pa sa kanya, kapani-paniwalang inosente at ginawa lamang mga "fall guy" (o mga taong walang sala na pinaaako ng isang krimen) ang "Abadilla 5."


Kahit ang Commission on Human Rights (CHR) ng rehimen ay umaamin na "bagsak ang grado" ng gubyerno ng Pilipinas sa usapin ng pagpapatupad ng United Nations Convention Against Torture. Bigo ang gubyerno at ang CHR na protektahan ang karapatang-tao ng mamamayan, ani Purificacion Qui-sumbing, tagapangulo ng komisyon.

Kung tutuusin, hindi lamang bigo ang gubyernong Macapagal-Arroyo. Ito pa mismo ang pasimuno ng pagtortyur, pagpatay, panunupil at iba pang lansakang paglabag sa karapatang-tao.

"Huwarang berdugo"

Nang sabitan ng medalya ni Gloria Macapagal-Arroyo si Col. Jovito Palparan noong Disyembre 21, matingkad na nailarawan ang kalunus-lunos na kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas.

Si Palparan ang binansagang "Berdugo ng Mindoro." Bilang



kumander ng pusakal na 204th Bde ng Philippine Army, responsable si Palparan sa napakaraming kaso ng pagdukot, pagtortyur, pananalbevds. sapilitang ebakwasyon, harasment at iba pang abusong militar. Binibiktima nila pangunahin ang mga di armadong sibilyan sa isla. May mga pagkakataong siya mismo ang nagsagawa ng gayong mga pandarahas, tulad sa kaso nina Juvy Magsino, bise alkalde ng Naujan, Oriental Mindoro; at Edu Paringit, cameraman sa Calapan City, Oriental Mindoro. Si Magsino, na inakusahang tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at si Paringit, na pinaratangang Pulang mandirigma, ay parehong hinaras at binantaan mismo ni Palparan. Sinabitan si Palparan ng medalya matapos siyang masugatan sa ambus ng BHB noong Nobyembre 24 sa Villaflor, Puerto Galera, Oriental Mindoro,

Ang pagpaparangal kay Palparan ay parangal na rin sa karumal-dumal niyang rekord ng kahayupan sa isla. Sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, si Palparan ang huwaran sa paglulunsad ng brutal na teroristang gera laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

PAGKAMATAY NG MGA PERYODISTA, PINAIIMBESTIGAHAN NG AMNESTY INTERNATIONAL

Pinaiimbestigahan ngayon ng Amnesty International (AI) sa gubyernong Macapagal-Arroyo ang pagpatay sa tatlong mamamahayag na Pilipino. Anang AI, nababahala ito sa paglabag sa karapatang-tao ng mga peryodista sa Pilipinas.

Gusto ng Al na buksan ang mga kaso ng pamamaslang kina Benjaline Hernandez, Edgar Damalerio at Sonny Alcantara. Hiniling din ng Al na mabigyang-proteksyon at huwag gipitin ang mga pamilya, kaibigan at mga taong may kinalaman sa mga kaso.

Si Hernandez ang namumuno sa lokal na

sangay ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP) sa Mindanao nang patayin ito ng mga elemento ng Philippine Army noong Abril 2002. Nananaliksik noon si Hernandez hinggil sa mga pang-aabuso ng militar. Komentarista sa radyo at editor ng lokal na pahayagan sa Zamboanga si Damalerio nang barilin siya noong Mayo ng isang upisyal ng pulis. Ayon sa imbestigasyon, nagalit ang nasabing pulis sa isinulat niya tungkol sa korapsyon. Binaril naman noong Agosto si Alcantara pagkatapos nitong batikusin ang isang lokal na upisyal sa San Pablo, Laguna. AB

UN Rapporteur, nagulantang sa laganap na paglabag sa mga karapatan ng mga pambansang minorya

a sobrang lala ng paglabag sa mga karapatan ng pambansang minorya, hindi na ito mapagtakpan kahit sa United Nations. Nagulantang si Rodolfo Stavenhagen, United Nations Special Rapporteur on Rights of Indigenous Peoples (upisyal ng UN na tumutuon sa mga karapatan ng mga pambansang minorya) sa kanyang inabutang kaawa-awa na kalagayan ng mga minoryang mamamayan sa kamay ng reaksyunaryong gubyerno at sandatahang lakas. Nasaksihan din niya ang malawakang paglabag sa kanilang mga karapatang-tao. Dumating sa bansa si Stavenhagen noong Disyembre 2-11 sa imbitasyon pa mismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Kabilang sa mga naitala niya ay mga kaso ng pangaagaw sa mga lupaing ninuno at ang sapilitang pagrerekrut sa kanila sa mga grupong paramilitar.

Sa kanyang ulat na inihanda para sa UN, sinabi ni Stavenhagen na halos inutil ang mga batas na nagbibigay-proteksyon sa lupaing ninuno ng mga pambansang minorya. Aniya, binabalewala o kaya'y tahasang nilalabag ng gubyerno at malalaking negosyo ang mga ito. Sadyang maraming butas ang mga batas na pumapatungkol sa mga pambansang minorya upang makalusot ang malalaking panginoong maylupa at dayuhang negosyo na umaagaw sa kanilang lupain. Isa nang halimbawa rito, aniya, ang Mining Act of 1995 kung saan ang mga lupain ng mga minorya ang kalakhang inaagaw at sinisira.

Idinagdag ni Stavenhagen na ganoon din ang kaso sa pagpapatupad ng mga "proyektong pangkaunlaran." Maraming komunidad ang napapalikas o kaya'y napupwersang tanggapin ang malalaking proyekto gaya ng dam, trosohan, komersyal na plantasyon at minahan na tuluyang nagwawasak sa kanilang tradisyunal na ekonomya at kabuhayan, istruktura ng komunidad at mga pang-

kulturang gawi. Biktima rin ang

mga minorya ng polusyon ng malalaking kumpanya na sumisira sa kanilang kapaligiran at kalusugan.

Malawakan ang paglabag ng AFP at mga grupong paramilitar sa ilalim nito sa karapatang-tao ng mga pambansang minorya, dagdag pa rin ni Stavenhagen. Kabilang sa mga naitalang kaso ang pamamaslang, detensyon, ebakwasyon, harasment at pwersahang rekrutment sa CAFGU. Nanawagan si Stavenhagen sa rehimeng Macapagal-Arroyo na pagtuunan ng pansin ang mga kaso ng pananalbeyds, panggagahasa at sapilitang pagpapasali sa mga grupong paramilitar laluna sa ilalim ng mga programang "kontra-insurhensya."

Harap-harapang binatikos ni Stavenhagen ang mga ahensya ng gubyerno laluna ang Commission on Human Rights sa pagpapabaya ng mga ito sa implementasyon ng mga batas. Inutil din, aniya, ang National Commission on Indigenous Peoples.

Inireklamo rin niya ang surbeylans at panghaharas ng AFP sa kanyang mga pulong at pakikihalubilo sa mga pambansang minorya sa Benguet, Butuan City at iba pang lugar.

Mga tampok na kaso ng paglabag sa karapatan ng mga pambansang minorya

Sa pakikipagpulong ng mga lumad sa Timog Mindanao, muli nilang idinaing ang patuloy na pangaagaw sa kanilang mga lupain at ang militarisasyong kaakibat nito. Sa ngayon, patuloy nilang nilalabanan ang proyektong *geothermal plant* ng Philippine

National Oil Company (PNOC) sa Mt. Apo. Pinagtibay ng mga minorya noong Disyembre 8 ang kanilang pagkakaisa laban sa umiigting na militarisasyon sa pamamagitan ng isang *d'yandi* o sanduguan laban sa komun na kaaway.

Idinaraos lamang ang d'yandi para pagpasyahan ang mga usaping matinding nakaaapekto sa malawak na hanay ng mga minorya. Sa pagkakatanda ng mga minorya, sa buong kasaysayan nila ay

"UN Rapporteur" sundan sa pahina 17

ito pa lamang ang ikatlong *d'yandi* na inilunsad. Bago ito, nagkaroon ng *d'yandi* laban sa *geothermal plant* noong Abril 13, 1989.

Binatikos din ng mga lumad ang sapilitang pagrerekrut sa kanila sa mga grupong *vigilante* gaya ng Alsa Lumad at Alamara. (Sa kaso ng Alamara, pagsalaula ito sa *alamara*, terminong Ata-Manobo, na ang ibig sabihin ay "paghahanap ng hustisya".)

Dahil sa militarisasyon, dumaranas ang mga lumad ng maraming kaso ng paghahamlet, *food blockade*, pagnanakaw, pwersahang ebakwasyon at iba pa. Sa taong ito, aabot sa 87 kaso (625 biktima) ang paglabag sa karapatang-tao ng mga lumad.

Sa Kordilyera, inihapag ng mga Igorot ang kanilang mariing protesta sa patuloy na pagtatayo ng San Roque Multipurpose Dam na sumisira sa kanilang mga sakahan at nagiging sanhi ng matinding militarisasyon sa lugar. Inihayag naman ng mga magsasaka mula sa Mankayan, Benguet ang kanilang pagtutol sa 63-taong minahan ng tanso at ginto sa kanilang lugar.

Sa Baguio City, muling iniharap ng Ibaloi na angkang Cariño ang malaon na nilang petisyong bawiin ang kanilang lupang ninuno na kinatitirikan ngayon ng Camp John Hay, dating base militar ng US. Unang ipinaglaban at naipanalo ni Mateo Cariño, ninuno ng angkan, ang kasong isinampa niya laban sa kolonyal na gubyernong US noon pang 1909. Ang makasaysayang desisyon ng korte, na tinawag na Mateo Cariño Doctrine, ang pinakaunang batas sa daigdig na kumilala sa karapatan ng mga pambansang minorya sa kanilang mga lupang ninuno. Ang doktrina ay ginamit nang batayan sa mga kasong isinampa ng mga pambansang minorya sa Canada, US at New Zealand para bawiin ang kanilang mga lupa. Malaki itong kabalintunaan dahil sa Pilipinas, ipinagkakait pa rin sa mga Cariño ang kanilang lupain. AB

Lumalaganap ang mga kritikal na dokumentaryong *video*

umalaganap

ang

maraming

dokumentaryong video mahusay na nagpapakita ng tunay na kalagayan, mga karaingan at paglaban ng mamamayan. Karamihan sa mga ito'y malawak na naipalalaganap ngayon sa pamamagitan ng mga compact disk (CD). Marami ritong malinaw na nagdokumento at naglantad sa kalupitan ng rehimeng Macapagal-Arroyo at sa sabwatan ng US at papet na rehimen na yurakan ang soberanya ng Pilipinas at ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino.

Naipalabas ang mga dokumentaryong ito sa iba't ibang pagtitipon ng mamamayan sa kalunsuran at kanayunan, gayundin sa iba pang pagtatanghal sa labas ng bansa. Dahil sa mataas na kalidad at sining ng pagkakagawa, ang ilan sa mga ito ay umani rin ng mga gawad at malawakang papuri mula sa mga kilalang manunulat at kritiko sa sining at pelikula.

Isa sa pinakauna rito ang "Sa Liyab ng Sanlibong Sulo" na inilabas ng Asia Visions noong 1997. Malaki ang naging tulong nito sa pangmasang edukasyon at propaganda sa kanayunan at kalunsuran hinggil sa kasaysayan at rebolusyong Pilipino. Sumusunod ang iba pa:

"Alingawngaw ng mga Punglo" ng Southern Tagalog Exposure. Ito ay isang makabagbag-damdaming dokumentaryo tungkol sa karahasang militar laban pangunahin, sa mamamayan ng Timog Katagalugan. Sa pamamagitan ng mga panayam at ebidensya, inilantad nito ang tindi ng pagmamalupit sa masa at katigasan ng puso ng mga pwersang militar—sa Mindoro, sa iba pang lugar sa Timog Katagalugan at sa buong bansa—sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Maraming inaning papuri ang dokumentaryo. Ayon pa sa kolumnista ng *Philippine Daily Inquirer* na si Recah Trinidad, "inilantad nito "bangis at pagiging makaisang panig ng kampanya ng gubyerno para maghatid diumano ng kapayapaan sa kanayunan." Ang mga pang-aabusong militar

"Video", sundan sa pahina 18

na ipinakita sa dokumentaryo ay inilarawan ni Trinidad bilang "higit na masamang anyo ng terorismo" kaysa sa ginagawa (ng Abu Sayyaf) sa Mindanao.

Naipalabas din ang dokumentaryo sa iba't ibang prestihiyosong *film festival* at paligsahan. Ginawan ito ng bersyon na may Ingles na mga *subtitle* (pagsasalin) na naipalabas na rin sa ibang bansa.

"Ka Kano" na ginawa rin ng Southern Tagalog Exposure. Isa itong 15-minutong parangal sa isang lider Dumagat na pinaslang ng militar noong Disyembre 2001 sa Antipolo, Rizal habang naghahanda ng pagkain para sa mobilisasyon para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Karapatang-Tao. Kalahok ito sa Gawad Cultural Center of the Philippines Award for Short Experimental Film para sa 2002.

Epektibo ang isang tanging pangungusap na laman ng iskrip at pumuno sa isang tahimik na minuto—"Siya ay walang awang pinaslang ng mga elemento ng Task Force Panther ng AFP sa pamumuno ni Col . Laureano Tolentino noong Disyember 8, 2001 sa Barangay San Jose, Antipolo, Rizal."

"Basilan: Siklab ng Digma" at "Behind the Second Front", kapwa ng Kodao Productions. Sumentro ang mga ito sa napakakongkreto at malinaw na paglalantad ng mga aktwal na pangyayari kaugnay ng paglulunsad ng mga operasyong "anti-terorista" sa

Basilan, Sulu at Zamboanga: sabwatan ng militar at Abu Sayyaf sa kidnap-for-ransom sa Mindanao; maramihan at matitinding paglabag ng AFP sa mga karapatang-tao ng mamamayang Moro; panghihimasok ng mga pwersang militar ng US; sobra-sobrang pang-aapi sa mamamayang Moro; at matinding galit at lumalakas na paglaban nila.

Siklab ng Digma

Sa mga tuwirang pakikipanayam sa mga biktima, pamilya nila, saksi sa mga karahasan, mga abugado at mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, epektibong naipakita ang tunay na mga pangyayari sa mamamayan. Sa pagkuha ng asta at reaksyon ng mga upisyal ng AFP, epektibong nailantad ang kanilang

pasistang kaisipan, arogansya, pagkawalang-bahala at kalupitan sa harap ng kahirapan at pang-aaping idinudulot nila sa mamamayan. Sa pagpapakita ng mainit na pagtanggap sa International Solidarity Mission, sa mga demokratikong organisasyon at sa mga nagtataguyod ng karapatang-tao sa maraming lugar na dinaanan ng mga ito, mahusay na naipadama ang mataas na antas ng militansya ng mamamayan.

May mga usapin ding malinaw na kinumpirma sa dokumentaryo: nagpakita ng maraming patunay ang

matapang na asawa ni Buyongbuyong Isnijal na Amerikanong sundalo nga ang bumaril kay Isnijal. Pinatunayan din ng iba't ibang saksi ang planong pagtatayo ng mga istrukturang militar para gawing base militar ng mga pwersang Amerikano.

Bukod sa Metro Manila at sa iba't ibang syudad at bayan sa bansa, naipalabas din ang "Basilan: Siklab ng Digma" sa Chicago, New York at Colorado sa US; sa Montreal, Canada; sa

Hongkong at iba pa.

"Ang Kaaway" na gawa rin ng Southern Tagalog Exposure, ay isang dokumentaryong naglalantad at tumutuligsa sa interbensyong militar ng US sa Pilipinas.

Pinagsunud-sunod lamang nito ang mga *film clip* na pawang kinuha mula sa mga balita sa telebisyon. Dahil sa pagkakaorganisa at daloy ng mga ito, naging

malinaw ang mensahe: mula sa mga sinasabi at mismong mga aksyon ng imperyalismong US at rehimeng Macapagal-Arroyo at sa mga pagtutol sa kanila, malinaw kung sino ang kaaway.

MALAKING tulong ang pagpapalabas ng mga dokumentaryong *audio-visual* sa pagbibigay ng edukasyon at pagpopropaganda sa malawak na mamamayan, nakapagbabasa man o hindi. Mabilis,

madali at hindi magastos itong maipalalaganap sa iba't ibang dami ng tagapanood, lalo na sa malalaking pagtitipon. Dapat higit pang mapakinabangan ng buong demokratiko at rebolusyonaryong kilusang masa ang ganitong mabilis, masaklaw at epektibong paraan ng pag-eeduka at pagpopropaganda sa lalo pang maraming mamamayan.



WELGA PUMUTOK SA PLDT

Sa piketlayn nag-Pasko ang mga kasapi ng Manggagawa ng Komunikasyon sa Pilipinas (MKP) ng Philippine Long Distance Company (PLDT) nang magwelga sila sa buong bansa noong gabi ng

Disyembre 23. Nagdesisyon ang MKP na ituloy ang welga pagkatapos magkaroon ng *deadlock* ang negosasyon para sa *collective bargaining agreement* (CBA) sa pagitan ng unyon at maneydsment na sinimulan noong Disyembre 18. Mula Nobyembre ay naglulunsad na ng iba't ibang anyo ng protesta ang mga manggagawa.

Tutol ang 6,700 kasapi ng MKP sa pagsibak sa 550 opereytor ng telepono (na karamihan ay nasa mga prubinsya) at sa planong *restructuring* ng PLDT. Ani Pete Pinlac, pangulo ng MKP, sa malao't madali ay papalitan ng mga kontraktwal ang lahat ng mga regular na manggagawa sa PLDT bunga ng *restructuring*.

PLANTA NG NAPOCOR, BINARIKADAHAN NG TAUMBARYO

Napilitang itigil ang operasyon ng Masinloc *coal-fired plant* ng National Power Corporation (Napocor) nang magbarikada ang taumbaryo sa



Barangay Bani, Masinloc, Zambales noong Disyembre 20. Kasama ang mga upisyal ng barangay sa barikada.

Iginiit ng mga taumbaryo ang karagdagang bayad para sa malaking pinsalang idinudulot sa kanilang komunidad ng operasyon ng Napocor. Dalawang power generating unit (makinang lumilikha ng kuryente) ang nagsara bunga ng aksyong protestang ito. Umaabot sa P4.9 milyon kada araw ang nawawala sa Napocor pagkasara ng naturang mga power generating unit.

TIGIL-BYAHE, INILUNSAD SA CEBU, PANAY

Pinaralisa ng mga tsuper, konduktor at mekaniko ang transportasyon sa Cebu City at Panay nang maglunsad sila ng mga welga noong Disyembre.

Halos 90% ng transportasyon sa loob at labas ng Cebu City ang paralisado nang magwelga ang mga drayber at opereytor na kasapi ng Transport Unity Forum noong Disyembre 16. Tinutulan ng nasabing organisasyong binubuo ng pitong malalaking samahan ng mga drayber ang antidrayber na mga ordinansa ng syudad at mga patakaran sa trapiko.

Samantala, sa Panay, tuloy pa rin ang welga ng mga kasapi ng Seventy Six (76) Liners Drivers and Mechanics para tutulan ang paglabag ng maneydsment sa CBA at tangkang pagbuwag sa kanilang unyon.

Sa Luzon, bumalik na sa trabaho noong Disyembre 21 ang mga manggagawa ng Philippine Rabbit Bus Line pagkatapos ng 50 araw na welga. Sa sampung kahilingang iginiit nila, dalawa na lamang ang hindi naibigay ng maneydsment, ayon sa unyon.

PAGMALTRATO SA MGA DEPORTEE, BINATIKOS

Kinundena ng Migrante ang pagmamaltrato ng US Immigration sa 85 Pilipinong ipinadeport pabalik sa bansa noong Disyembre 14. Ayon sa Migrante, nakaposas at nakakadena ang karamihan sa kanila habang sakay ng eroplano mula sa US. Pangalawang pagkakataon na itong nangyari. Noong Hunyo 2002, 63 *deportees* din ang nakaposas at nakakadenang dumating sa Pilipinas mula sa US.

MGA ESTUDYANTENG NEPALESE, NAGWELGA

Mahigit 500,000 estudyante sa 2,000 pribado at 2,000 pampublikong paaralan ang nagboykot ng kanikanilang mga klase sa Kathmandu Valley bilang pagtugon sa limang araw na welgang idineklara ng All Nepal National Free Students' Union-Revolutionary (ANNFS-R) noong Disyembre 9-13.

Nagtawag ng welga ng ANNFS-R upang igiit sa gubyerno ang karapatan sa libreng edukasyon ng lahat ng kabataan hanggang 16 taong gulang at bawasan ang mga binabayarang matrikula sa mga pribadong institusyon. Iginiit din nilang bawiin ang teroristang bansag ng gubyerno sa ANNFS-R.

PULONG NG EU, BINATIKOS

Sinalubong ng protesta ng 5,000 demonstrador ang pagtatapos ng European Union Summit sa Copenhagen, Denmark noong Disyembre 12. Habang nagmamartsa sa mga kalsada ng lunsod, inihayag ng mga demonstrador ang kanilang pagkabahala sa laganap na karalitaan sa mundo at sa napipintong gera ng US sa Iraq. Labinlimang aktibista mula France, Germany, Norway at Sweden ang inaresto ng mga pulis.

ILIGAL NA PANG-AARESTO SA ITALY, KINUNDENA

Ilampung libong Italyano ang nagprotesta sa iba't ibang dako ng bansa noong Disyembre dahil sa iligal na pang-aaresto at iba pang paniniil ng estado sa mga dumalo sa rali noong Nobyembre 9 laban sa European Social Forum at sa pinakamalaking demonstrasyong anti-gera sa bansa na nilahukan ng isang milyong katao. Tatlumpong libong mamamayan ang nagrali sa Florence habang 60,000 ang nagprotesta sa Cosenza upang palayain ang mga bilanggong pulitikal.

Apatnapu't dalawang katao ang dinakip sa 45 reyd na inilunsad ng mga pulis sa Italy mula Nobyembre 14 hanggang Disyembre 14. Ang mga dinakip ay sinampahan ng sari-saring kaso, kabilang ang paggawa at pag-iingat ng mga eksplosibo, bandalismo at paglaban sa awtoridad.

MGA PROTESTA SA ARGENTINA, LUMALAWAK

Ilampung libong mamamayan ang naglunsad ng mga kilos-protesta noong Disyembre



19-20 sa Buenos Aires, kabisera ng Argentina, laban sa krisis pang-ekonomya at para igiit ang pagpapatalsik sa gubyerno. Kinundena ng mga demonstrador sa dalawang araw na martsa-protesta kapwa ang nakaraan at kasalukuyang gubyerno dahil sa laganap na gutom, karalitaan at disempleyo sa Argentina. Binarikadahan nila ang mga kalsada at sinunog ang mga bandila ng US at United Kingdom para ipakita ang kanilang matinding galit sa patakaran ng imperyalistang "globalisasyon." Anila, nagdudulot ito ng matinding krisis sa pinansya sa bansa. Ibinigay nilang halimbawa ang 70% pagbagsak ng halaga ng Argentine peso kumpara sa dolyar.

Mga anti-US na kilos-protesta, lumalaganap

Sa South Korea. Muling iginiit ng mamayang Koreano ang pagpapatalsik sa 37,000 tropa ng US mula sa kanilang bansa matapos mapawalang-sala sa hukuman sa US ang dalawang sundalong Amerikanong sumagasa at nakapatay sa dalawang batang babaeng mag-aaral na Koreano noong Hunyo. Nangyari ang insidente habang inilulunsad ang isang pagsasanay-militar.

Halos araw-araw na nagdaos ng mga raliprotesta ang mamamayang Koreano. Noong Disyembre 15, mga 100,000 ang nagprotesta sa Seoul at mahigit 400,000 din ang nagrali sa 61 lunsod at bayan. Muling sumiklab ang protesta noong Disyembre 21, isang linggo pagkatapos mahalal ang bagong pangulo ng South Korea na si Roh Moo-hyun. Mula sa palaban nitong pusisyon, naging pabor si Roh sa mga patakaran ni Presidente George Bush ng US.

Sa Germany. Lumalakas din ang pagtutol ng mga mamamayan dito sa mga base militar ng US. Noong Disyembre 14, nagsagawa sila ng mga rali sa tapat ng Spangdahlem Air Base at sa

iba pang base militar ng US sa Ramstein at Rhein-Mane. Nanawagan ang mga demonstrador sa gubyerno ng Germany na maging matatag laban sa mga balak ng US na digmain ang Iraq. Anila, hindi dapat pahintulutan ang paggamit ng mga base militar ng US sa bansa at ng himpapawid ng Germany sa napipintong gera laban sa Iraq. Ang mga kilos protesta ay inilunsad sa kabila ng matinding taglamig.

Sa US. Inilunsad noong Disyembre 10 ang "Artists Say Win Without War," ang kilusan ng mga artista sa Hollywood laban sa planong pagsalakay sa Iraq. Sinabi ni Martin Sheen, isang aktibista at premyadong artista, na tutol sila sa paglulunsad ng gubyernong Bush ng "preemptive military strike" laban sa Iraq. Kaugnay nito, dumalaw sa Iraq noong Disyembre 14 si Sean Penn, isa pang kilalang artista. Sa isang talumpati, sinabi ni Penn sa mamamayan ng Iraq na sisirain ng agresyong militar ang kapayapaan at seguridad hindi lamang ng mga bansa sa Persian Gulf kundi ng buong daigdig.